# KWENTONG-K

***Mga kwentong may-K, halina't basahin at ibahagi!***

**ABRIL 2018**




***Isang pagbubunyi.*** Ilang larawan mula sa ginanap na *1st Annual Representative Assembly* ng K-Coop noong ika-24 ng Marso taong 2018 sa *Skydome*, SM North EDSA, Quezon City. Ito ay isang pagtitipon na dinaluhan ng mga *Satellite Area Representative,* kung saan ginanap ang halalan ng mga bagong *Board of Directors* at *Committee Members*.

# MATAGUMPAY NA 1$^{st}$ REPRESENTATIVE ASSEMBLY

***ni Angelyn Jolo***

Isang malaking bahagi sa kasaysayan ng Kasagana-ka Credit and Savings Cooperative (K-Coop) ang matagumpay na pagsasagawa ng kauna-unahan nitong *Representative Assembly* na ginanap noong ika-24 ng Marso taong 2018 sa *Skydome*, SM North EDSA, Quezon City.

Mayroong 275 *satellite area representatives* o 90% sa kabuuang bilang ng mga representative ang dumalo sa nasabing aktibidad na nagsimula ng ganap na alas-nuwebe ng umaga.

Ang noon ay Chairperson ng *Board of Directors* (BOD) na si G. Garth Noel Tolentino ang nagbigay ng panimulang pagbati. Sinundan naman ito ng mga mensahe na nakapagbigay inspirasyon sa bawat tagapakinig sa pangunguna ni Bb. Leticia Rodriguez, dating BOD *vice-chairperson* ng K-Coop, at ni Bb. Wenifreda Rodriguez, isa sa mga *Board of Directors.*

Ang nasabing programa ay nahati sa tatlong bahagi: Eleksyon, *Business Meeting* at *Special Meeting*.

Sa unang bahagi ay ipinaliwanag ni G. Dexter Flores, K-Coop *Operations Manager*, ang naging proseso ng pagpili sa mga kinatawan, ang mga isinagawang eleksyon mula sa mga sentro hanggang sa mga *Satellite Office* at ang proseso ng halalan para sa *Board of Directors* at *Co-mmittee Members*. Pagkatapos ay isa-isang ipinakilala ang mga kan-didato. Ang paghudyat ni Atty. Ferdinand Casis, BOD Secretary, ng pagkakaroon ng korum ang siyang naging pasimula ng eleksyon.

Ang ikalawang bahagi ay ang *Business Meeting*. Sa bahaging ito ay inilatag ang Katitikan ng Pulong sa nagdaang *General Assembly*, ibinahagi ang ilang mga ulat, at ilang mga paksa na nangangailangan ng pagsang-ayon ng *General Assembly* sa pamamagitan ng *Representative Assembly*. Ang nag-ulat para sa mga *accomplishment* sa taong 2017 at mga plano para sa 2018 ay ang *General Manager* ng K-Coop na si Bb. MeAn Ignacio. Ang Ulat Pang-Pinansiya ay pinangunahan ni G. Jaime Varela, BOD *Treasurer*, at ni Bb. Catherine Saballegue, *Chief Finance Officer* ng K-Coop. Bago matapos ang ikalawang bahagi ay binigyan ng pagkilala at pasasalamat sa paglilingkod ang mga BOD na matatapos na ang termino. Pinagkalooban din ng Natatanging Pasasalamat ang Kasagana-ka Development Center, Inc. (KDCI) para sa naging tulong nito sa pagsisimula ng K-Coop. Kalaunan ay inanunsyo na ang pangalan ng mga nanalong kandidato. Ang mga naihalal ay sina: 1. Bernal, Jocelyn (184) 2. Garrido, Ana Maria (178) 3. Padilla, Prescilla (173) 4. Mallillin, Angela (171) 5. Regalado, Fe (164) 6. Derilo, Lydia (163) 7. Dacanay, Gina (162) 8. Tomias, Ma. Salud (156) 9. Calayag, Mary Grace (150) 10. Narvaez, Marife (149) 11. Navarro, Mirasol (143) 12. Pogenio, Julieta (141) 13. Navarro, Jenny (133) 14. Dunghit, Persia (132) 15. Borabo, Josefina (132) 16. Caluag, Anilyn (131) 17. Cabillan, Nilda (130) 18. Volcan, Rachel (129) 19. Peralta, Carmen (125) 20. Dela Cruz, Lucita (118) 21. Abela, Mercedes (114) 22. Nakpil, Marieta (114) 23. Gumabao, Elena (109).

Ang ikatlong bahagi ay ang *Special Meeting* kung saan ay ginanap ang *Election of Officers*. Sa pagtatapos ng ikatlong bahagi ay mayroon ng bagong pamunuan ang K-Coop. Kung saan ang bagong halal na K-Coop BOD *Chairperson* ay si Bb. Martiniana Mancio, ang K-Coop vice-chairperson ay si Bb. Jocelyn Bernal, at kabilang sa Board of Directors ay sina Bb. Gina Dacanay, Bb. Mary Grace Calayag, Bb. Jenny Navarro, Bb. Fe Regalado at Bb. Ana Maria Garrido.

Natapos ang programa ng ika-apat ng hapon.




***Isang bagong tagumpay.*** Ilang mga larawan mula sa ginanap na K-Coop Representative Assembly partikular na sa pagdaraos ng eleksyon na siyang tampok na mahalagang bahagi ng programa. Sa kabuuan ay naging matagumpay at masaya ang ginanap na aktibidad. Naging makabuluhan at hindi malilimutang kaganapan ito sa lahat ng sumusuporta sa K-Coop.

# ANG AKING KAPARES NG TSINELAS

***ni King Joshua Azucena***

Si Gng. Lourdes Beriña ay miyembro mula sa Masinag *Satellite Office*. Ang pamilya Beriña ay nagmula sa bayan ng San Jose Del Monte, Bulacan, dito niya nakilala ang kaniyang asawa na si G. Mario Beriña na gumagawa at nag-aayos ng tsinelas. Tanging paggawa lamang ng tsinelas ang kanilang ikinabubuhay noon. Ang mga materyales na ginagamit nila ay mula pa sa Marikina kaya naman nagdesisyon silang lumipat sa Antipolo upang mapalapit sa pinagkukunan ng materyales. Noon kasing nasa Bulacan pa sila ay maliit lang ang kanilang nagiging kita dahil napupunta ito sa transportasyon para mamili ng materyales.

Dahil sa hirap ng buhay ay naisip nila na ilako sa kanilang lugar ang kanilang mga gawang tsinelas pati na rin ang kanilang mga biniben-tang batya, timba, at tabo. Ang kanilang kasipagan sa paggawa at pagtitinda ng tsinelas ay nagbunga ng malaking kita para sa kanila. Sa katunayan, pati ang isang sikat na *mall* ay kumukuha na rin ng kani-lang produktong tsinelas.

Ngunit sa kabila ng kanilang tagumpay sa negosyo ay nagkaroon ng mga balakid. Nagsimulang magkaroon ng problema ang kanilang negosyo ng maghigpit ang *mall* na kanilang binabagsakan sa bilang ng dapat na mai-*deliver* na tsinelas sa bawat araw. Kung hindi sila makapag-*deliver* sa tamang araw ay magi-ging limang piso na lamang, mula sa sampung piso, ang magiging tubo ng bawat isang pares ng tsinelas. Sa pangyayaring iyon ay unti-unting humina ang kanilang kita hanggang sa tuluyan na silang nalugi. Kaya't naisipan nilang huminto na muna sa paggawa ng tsinelas.

Hindi nagtagal ay nag-apply sila sa mga sikat na *shoe company* tulad ng "Tribu" bilang tagagawa ng tsinelas, ngunit hindi naging sapat ang kinikita nila doon dahil sa bawat gawa nila ng sapatos o tsinelas ay Php 70 lamang ang kanilang nagiging komisyon

Kulang na kulang ito para sa kanilang pang araw-araw na gastusin lalo na't may pinag-aaral pa silang mga pamangkin. Kala-unan ay naisipan nila na muling gumawa ng sariling tsinelas. Inilako nila ito sa kanilang lugar at dahil na rin sa kanilang paglalako ay napansin sila ng kanilang mga kapitbahay na miyembro ng Kasagana-ka at inalok siya ng mga ito na sumali. Noong una ay nagdadalawang isip pa siya dahil hindi niya alam kung kakayanin niya ba ang maghulog linggo-linggo. Kinausap niya ang kani-yang asawa at napagkasunduan nila na sumali sa Kasagana-ka.

Ang kaniyang panimulang loan ay limang libong piso (5,000) at ito ay ginamit nila bilang pandagdag puhunan sa kanilang negosyo. Noong una ay nahirapan sila na pagkasyahin ang kanilang kinikita sa kanilang pang-araw araw na gastusin at lingguhang hulog sa Kasagana-ka, pero dahil sa kanilang sipat at tiyaga ay unti-unting lumakas at gumanda ang kanilang kita sa negosyo.

Nagkaroon ng resulta ang kanilang pagpupursige kaya medyo nakaluwag na sila sa buhay. Hanggang sa naging supplier na sila ng ilang shoe company tulad na lamang ng 'OTTO'. Naging supplier din sila ng tsinelas sa ilang mga palengke sa lungsod ng Antipolo at Marikina. Unti-unting lumago ang kanilang negosyo hanggang sa nakapagpundar na sila ng pitong makina na ginagamit sa pananahi, tatlong motorsiklo na ginagamit nila sa *delivery* ng kanilang produkto, nagkaroon na din sila ng siyam na tauhan, at nakabili na din sila ng bahay at lupa na nagkakahalaga ng dalawang daang libong piso sa Antipolo at Bulacan.

Si Nanay Lourdes at ang kaniyang asawa ay may mga pinag-aaral na mga pamangkin, subalit marami sa kanila ay huminto sa pag-aaral upang mag-trabaho na lamang. Isang pamangkin na lamang niya ang nagtuloy sa pag-aaral.




*Si Ate Lourdes Beriña, member mula sa Masinag Satellite Office. Para sa kaniya, ang Kasagana-ka ay naging kapares niya upang mapalago ang kanilang kabuhayan.*

Ang negosyo ni Nanay Lourdes ay talagang malaki ang kita dahil halos lahat ng tao ay nagsusuot ng tsinelas. Bukod pa doon ay *recycled* ang ilan sa kanilang mga materyales kaya hindi masyadong magastos ang kanilang negosyo at kaya pa nila itong ibigay sa mababang presyo. Subok na matibay ang kanilang mga produkto kaya naman sa aking sa aking palagay ay kailangan pa nilang magkaroon ng iba pang pagawaan sa ibang lugar hindi lamang sa Antipolo kundi pati na rin sa mga kalapit na lugar upang mas makilala at tangkilikin ng merkado ang kanilang produkto.

Makikita natin sa kwento ng buhay ni Nanay Lourdes na ginamit niya ang kaniyang loan sa pagpapalago ng kaniyang negosyo. Ipinapakita din nito ang kahalagahan ng pagkaka-roon ng kaalaman sa pagenenegosyo na sa pagkakaroon ng sipag at tiyaga ay naabot niya ang ganoong estado ng buhay. Ipinapakita din nito na naging malaking tulong ang Kasagana-ka sa ating miyembro upang makamit ang lahat ng mayroon sila ngayon. *'Kung wala po ang Kasagana-ka ay malamang wala kami ng lahat na mayroon kami sa ngayon,'* wika ni Nanay Lourdes ng siya ay aking kapanayamin. Malaki ang kaniyang pasasalamat sa Kasagana-ka dahil naging instrumento ito para mapaayos ang kanilang buhay. Katulad ng tsinelas na nagagamit kapag may kapares, ang Kasagana-ka ang naging kapares ni Nanay Lourdes upang mapalago ang kanilang negosyo.

***

*Si Nanay Lourdes Beriña ay member mula sa Masinag Satellite Office. Siya ay nasa 17th loan cycle at may loan amount na Php 75,000.*

*Ang lathalaing ito ay mula sa case study ni King Joshua Azu-cena noong siya ay nasa ikatlong buwan pa lamang bilang SO Probationary sa Masinag Satellite Office. Ang mga empleyadong nasa probationary status ay required na magsulat ng case study.*

# MAS HIGIT AT MAS MASAYA

***ni Maricar Bautista***

"Kamusta ka?" ani niya habang nakatitig sa aking mga mata. Teka, kamusta na nga ba ako?

Hindi madaling magtrabaho sa umaga at mag-aral sa gabi. Hindi ko maiwasan na antukin kahit na tirik na ang araw. Ang bawat puyat sa gabi ang humihila sa akin sa higaan para magpahinga na lang. Hindi madaling mag-isip kung ang aking pakiramdam ay napupuno na ang aking utak. Naghahalo ang ideya ng pagtatrabaho at inaral sa gabi, kaya madalas pumapasok ako ng sabaw. Hindi madali ang buhay ng isang working student. Bagay na matagal ko ng alam kaya pilit kong kinakasanayan. Ang isang katulad ko ay uhaw sa pag-intindi. Pag-intindi ng karamihan na, bagamat nakakakita sila ng ngiti ay, mayroong isang pagod na nilalang sa loob ng katawang ito. Pero hindi ko naman sinasabi na maging pabor sa akin ang buong mundo. Ang gusto lang ng tulad ko ay isang masayang paligid na magliligaw sa akin sa mahirap kong buhay. Iyon bang kahit pagod ka sa ginagawa mo, nagiging balanse lahat dahil hinihila ka ng kasiyahan ng mga tao sa paligid mo. At ang totoo? Napakahirap hanapin noon, pero... nahanap ko.

Mahirap ang aking trabaho. Hindi ito tulad ng naiisip ng iba na simpleng pagbabantay lamang ng mga regulasyon ng gobyerno. Kaakibat nito ang pagsisigurado na ang lahat ng batas ay nasusunod, ang lahat ng dokumento ay naipapasa sa oras, at ang lahat ng mga anunsyo, paalala, bagong regulasyon at balita ay nababantayan at nalalaman ng apat na organisasyong na aking pinagtatrabahuhan. Paminsan-minsan pa ay may mga biglaang trabaho, mga bagay na kailangang mas nararapat unahin kaysa sa mga nakaplano ng gawin. At kaakibat ng lahat ng iyan ay ang puhunan na talas ng isip at malawak na imahinasyon upang maintindihan ang mga bagay na nararapat na pag-ukulan ng atensyon.

Bagamat mahirap, masaya naman ako. Kasi pakiramdam ko, araw-araw sa trabaho kong ito ay laging may pagbabago. Araw-araw akong natututo at ang mga natututunan kong ito ay mga dagdag na kaalaman na nagagamit ko sa buhay at sa law school. Pagkatutong hindi nababasa sa libro pero nakahahasa ng karanasan. Iyong tipong masasabi mo sa sarili mo na, umunlad ka sa sarili mong paraan. Kung babalik ako isang taon mula ngayon? Alam kong mas higit na akong mahusay – sa pagsulat, pagsasalita at maging sa aking pagkatao.

Wala ng mas hihigit pa kapag nakatagpo ka ng pangalawang pamilya. Sa unit namin, hindi kami nagtuturingan bilang magkakatrabaho kundi bilang mga magkakapatid. Sa kanilang gabay, natutunan ko kung paano pahalagahan ang aking sarili at mahalin ito ano pa man ang aking itsura. Sa trabaho, parang wala ng mas sasaya kapag nagme-meeting kami. Para lang kasi kaming nagba-bonding, nagbabahagian ng ideya at nagkukwentuhan ng mga plano na pangarap naming lahat na maabot. Bukod dito, natulungan ako ng unit na ito na komunekta sa iba pang unit kaya naman nagkaroon ako ng mas marami pang kaibigan. Masarap mamalagi sa isang lugar kung saan alam mong may pangarap sayo ang mga taong nasa paligid mo. Seryoso, madalas nakakaramdam ako ng pressure.

Napagtanto ko din na tunay na mapagmahal sa empleyado ang organisasyong ito. Hindi tulad noon, hindi na ako kinukulang, bagkus ay nakapagtatabi pa ako ng ipon. Napakaganda rin ng benepisyo na kanilang hinahain sa mga empleyado. Pagod man sa trabaho, napapanatili nito ang balansyadong personal na buhay ng empleyado at ng kanilang pamilya.





*Si Maricar (nakabilog) kasama ang kaniyang team mula sa Internal Audit Services. Para sa kaniya ay nakahanap siya ng pamilya dahil ang turingan nila sa team ay magkakapatid na laging handang tumulong sa bawat isa.*

Hindi. Hindi ito katulad ng unang kwento kung saan kinamusta niya ako para sabihing isa ako sa mga mali. Hindi ito kapareho nang unang taong naging mapanghusga base lang sa kanyang mga narinig. Hindi ito iisang lugar kung saan ibinaon ako sa utang na loob at sinabing isa ka 'lang' sa mga tauhan niya. Hindi ito kasing-dilim, kasing-bigat at kasing-lungkot ng nauna.


Nginitian niya ako. Alam kong gusto na niyang marinig ang sasabihin ko. "Ayos naman po." Nginitian ko siya pabalik. "Masaya po. Sobrang saya."

***

*Ito ay reflection paper ni Maricar Bautista noong siya ay Compliance Officer Trainee pa lamang. Ang mga empleyadong nasa trainee status ay required na magsulat ng reflection paper. Sa ngayon siya ay regular ng empleyado at nagsisilbi sa apat na organisasyon na kabilang sa KSO.*

# GAANO BA KAHALAGA ANG PAGBA-BUDGET?

***ni Angelyn Jolo***



"Isang linggo pa bago sumahod, ubos na ang pera ko, paano ba ito?" Iyan ang madalas sabihin ng karamihan sa mga empleyado ngayon. Tunay nga na ang mapanatiling sapat ang pananalapi bago pa dumating ang inaasahang sahod ay napakahirap gawin.

Maaring kasama sa mga dahilan nito ay ang patuloy na pagtaas ng halaga ng mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, kagamitan, transportasyon, renta at mga bayarin sa bahay. Sa mga ganitong pagkakataon makikita ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kaalaman patungkol sa pinansiyal. Gayunpaman, pinapakita ng ilang pag-aaral na karamihan sa mga batang empleyado ngayon ang mayroong limitadong kaalaman patungkol sa pinansiyal. Ito ay maaring magbunga ng maling desisyon, tulad ng *impulsive buying* (biglaang pagbili) at pag-aaksaya.

Ang *financial literacy* ay ang kakayanan na maunawaan kung paano tumatakbo ang siklo ng pananalapi. Kasama na dito ang kaalaman at kakayanan tungkol sa pagba-*budget*, pag-i*invest*, at pagkakaroon ng mga kita mula sa iyong *financial resources.*

Ang pagtatabi at tamang paggastos ng pananalapi ay maaring mahirap sa simula lalo na kung madaming temptasyon sa paligid. Ngunit ang madalas at patuloy na pagdidisiplina sa sarili pagdating sa paggastos ay maaring magdala sa iyo sa isang simple at matipid na pamumuhay. Narito ang ilang mga panimulang payo kung nais mo ng kaayusan sa iyong f*inances*:

**1. Mamuhay sa kung ano ang iyong kaya**

Nangangahulugan ito na iakma ang iyong *lifestyle* ayon sa halaga ng iyong *income*. Maging makatotohanan sa kung ano ang kayang mabili o magastos ng iyong *income.* Kung ikaw ay natutuksong bumili ng mamahaling *bag* sa *mall*, huwag mong ipilit na ipasok ito sa iyong *budget* at huwag sabihin sa iyong sarili na magtitipid ka na lang sa ibang *expenses* tulad ng pagkain at mga *household bill*.

**2. Gumawa ng listahan ng iyong mga gastos (expenses)**

Ilista ang iyong mga binili o pinagkagastusan kahit na maliit lamang ang mga halaga nito. Pagkatapos ay i-*classify* ito ayon sa kategorya nito. Ito ba ay pagkain, kagamitan, transportasyon, at iba pa. Kung posible ay pag-isipan kung paano ito mababawasan. Halimbawa, lagi mong isinasama sa iyong pamimili ang chichiria, kung hindi naman ito mahalaga ay baka maaring malimitahan ang pamimili nito. Sa huli ay makikita kung gaano kalaki ang iyong matitipid sa maliit na *adjustment* sa iyong *expenses*.

**3. Ibukod ang pananalapi para sa pang-araw araw na pangangailangan**

Hangga't maari ay ilagay sa ibang *wallet* o sa drawer ang pananalapi na nakalaan para sa pang araw-araw na pangangailangan. Makakatulong din ito upang maiwasan ang aksidenteng paggastos ng iyong *extra money*.

**4. Maging matalino sa paggastos**

Pag-isipan ng maraming beses ang pagbili o ang paggastos. Magtabi muna ng para sa *savings* bago gumastos.

**5. Subukan ang do-it-yourself na pamumuhay**

Bagama't maraming *fast food chains* ang nasa paligid natin ngayon, mas mura at masustansya ang mga pagkain na niluto sa ating bahay. Ang paglalaba ng iyong sariling damit ay nakakatulong pa sa iyo na makatipid at maaring maging ehersisyo. Kung ikaw ay may kakayanan sa pagtatanim, maari mo itong gamitin para magtanim ng sariling prutas at gulay.

**6. Magbukas ng bank account**

Magkaroon ng bukod na bank account para matiyak ang iyong *savings*. Disiplinahin din ang sarili na huwag itong i-withdraw maliban na lang kung mahalaga ang iyong paggagamitan. Kung ikaw ay mayroong problema sa *self-control*, mas mainam kung ang bank account na iyong bubuksan ay hindi naka-ATM.

**7. Subukan ang online selling/swapping**

Madali na lang sa panahon ngayon ang pag-log in sa *Facebook* o alinmang *social networking sites*. Maganda kung ma-*maximize* natin ang paggamit nito. Uso na ngayon ang pagbebenta o pagpapalit ng *"preloved stuffs"* o iyong mga bagay na hindi mo na ginagamit at nakaimbak lang sa iyong kwarto. Maari mong kuhanan ng larawan ang mga gamit na ito at i-*upload* sa *Facebook*. Maging maingat lang sa pakikipag-transaksyon upang hindi mabiktima ng mga manloloko.





***Contributing Writers***
King Joshua Azucena
Maricar Bautista
***Layout***
Angelyn Jolo
***Editor***
Armeena Celine Pascual- Ramos

Ang Kwentong-K ay ang opisyal na pahayagan ng Kasagana-ka Synergizing Organizations (KSO). Ito ay nagdodokumento ng iba't ibang kaganapan na humubog sa mga client-beneficiary/member, mga empleyado, at buong institusyon. Ito din ay nagbibigay ng mga napapanahong impormasyon na makakatulong sa mga mambabasa nito.